
# SUGNAY/PAGBIBIGAY-SOLUSYON SA MGA SULIRANIN/PAGSULAT NG REAKSYON

*Game ka na ba?*

*Magkasama na naman tayo sa modyul na ito!*
*Pumalakpak ka muna ng 3 beses bago magsimula.*
*Ngayon ay handa ka na sa mga bagong aralin. Sa modyul na ito inaasahang :*

- *Nakikilala ang mga sugnay na bumubuo sa tambalan at hugnayang pangungusap*
- *Nagagamit ang dating kaalaman sa pagbibigay-solusyon sa mga suliranin batay sa iniharap na sitwasyon*
- *Nakabubuo ng sulatin tungkol sa isang reaksyon sa binasa*



## Pagbalik-aralan Mo

Isulat sa iyong sagutang papel kung ang pangungusap ay payak, tambalan o hugnayan.


1. Ipinagmamalaki ko ang aking bayan at taas-noo kong sinasabing ako’y Pilipino.
2. Masarap mabuhay sa sariling bayan.
3. Nag-aaral si Ela samantalang gumagawa naman ng proyekto si Rey.
4. Si Lally ay nanalo sa timpalak sa pag-awit.
5. Hindi nakalahok sa timpalak si Cristy dahil nagkasakit siya.
6. Masigabong palakpakan ang narinig ng lahat nang ihayag ang nagwagi.
7. Malaking halaga ang premyo niya kaya ibibili niya ng regalo ang kanyang ina.
8. Ikaw, marunong ka rin bang umawit?
9. Kailangang pagbutihin ang pag-eensayo upang ikaw ay magwagi.
10. Nais niyang magwagi sa paligsahan upang makilala sa kanilang paaralan.

Ganito ba ang iyong sagot?

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | tambalan | 6. | hugnayan |
| 2. | payak | 7. | tambalan |
| 3. | tambalan | 8. | payak |
| 4. | payak | 9. | hugnayan |
| 5. | hugnayan | 10. | hugnayan |

Basahin

**MGA BIKTIMA**



Isang araw ay mabilis na pumagaspas si Hangin. Napadaan siya kay Gubat.


Hangin : Aba, Gubat! Bakit tila nalulungkot ka at walang sigla ang iyong mga dahon?

Gubat : Mabuti't napansin mo. Tumingin ka sa paligid. Noon ang mga puno ko'y siksikan kaya halos wala kang madaanan. Tingnan mo ngayon at ibang-iba na ang paligid.

Hangin : Oo, nga kakaunti na sila. Wala na ang matatandang puno. Pinutol na nilang lahat. Ilang kabataang puno na lamang ang natira, kaya pala malungkot ka at walang sigla.


Gubat : Tumingin ka sa dako roon, ngayo'y puro bahay at gusali na ang nakatayo at sa kabila nama'y sinusunog ng mga kaingero ang mga puno.

| | | |
|---|---|---|
| Hangin | : | Dapat na kayong mag-alsa. Magsalita na kayo! Balang araw tuluyang makakalbo ang mga kagubatan. Wala nang pagkukunan ng mga puno. |
| Gubat | : | Hindi lamang iyon, napipinsala na rin sila dahil sa malaking baha. Wala na ang mga ugat ng punong sisipsip ng tubig-ulan. |
| Hangin | : | Hay! Tao nga naman. Hindi nila nalalaman ang pagkawasak ng kanilang kinabukasan. |



( At dumako si Hangin sa may ilog. Nakita niyang umiiyak ang karugtong nitong sapa. Nakinig si Hangin sa usapan ng dalawa)

| | | |
|---|---|---|
| Sapa | : | Hu! Hu! Hu! Ang labu-labo na ng tubig ko. Dati'y napakalinaw. |
| Ilog | : | Huwag kang umiyak. Pareho lang tayo. Tingnan mo ako, katulad mo, halos hindi rin ako makagalaw dahil punung-puno ako ng basura; bulok na bagay, dumi ng hayop at iba pang basura. |
| Sapa | : | Bakit ginagawa ito ng tao sa atin? Mabait naman tayo sa kanila! Binibigyan natin sila ng malinis na tubig at laman-tubig. |
| Ilog | : | Wala silang puso at hindi sila marunong mangalaga sa atin! |
| Hangin | : | Haaay! (nasabi ni Hangin sa sarili) Kaawa-awang sapa at ilog. Tulad din ng gubat na nagdurusa. Pareho silang napipinsala ng tao. |



(Nagpatuloy si Hangin sa pamamasyal. Napadaan ito sa lungsod. Maraming gusali, tao at sasakyan siyang nakita)

Hangin : Aba, tila nangangapal ang aking katawan. Naku! Ang mga usok ng sasakyan at pabrika, napakakapal tila dumidikit sa aking balat. Bakit kaya ako ganito? Matingnan nga kung sino ang nasa loob ng sasakyan!
(Tiningnan niya ang loob ng sasakyan)

Hangin : Naku! Naninigarilyo pala ang mga nasa sasakyan. Ang drayber namang ito ay walang malasakit sa kalusugan ng iba. Maitim na usok ang lumalabas sa tambutso ng sasakyan. (Luminga-linga si Hangin) Hayun at may mga taong nagsisilab ng goma at plastic. Ang baho!!! Ay! Tao-kasama na rin ako nina Gubat, Sapa at Ilog ----- mga biktima ng kapabayaan ng tao.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Tingnan nga natin.
Sagutin sa iyong sagutang papel ang mga sumusunod na katanungan.

## Isipin at Sagutin

**Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.**

1. Sino ang unang nadaanan ni Hangin sa kanyang pamamasyal?
2. Ano ang ikinalulungkot ni Gubat?

3. Sino ang sumunod na nadaanan ni Hangin? Bakit umiyak sina Sapa at Ilog?
4. Ano ang natuklasan ni Hangin sa lungsod?
5. Bukod kina Gubat, Sapa, Ilog at Hangin, sino pa ang alam ninyong sumisisi sa tao? Patunayan.

(Hango sa Pagsulong sa Pagbasa pp. 61-65)

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Si Gubat ang unang nadaanan ni Hangin.
2. Kakaunti na lamang ang mga puno wala na ang matatandang puno.
3. Sina Sapa at Ilog. Umiiyak sila dahil puno na sila ng basura, bulok na bagay, dumi ng mga hayop at iba pang basura.
4. Napakakapal na ng usok na dumidikit sa balat na nanggagaling sa sasakyan at pabrika ang natuklasan ni Hangin sa lungsod.
5. Maaaring sinisisi rin ang mga tao ng daigdig dahil sa pagkasira ng Ozone Layer.
   Ang mga hayop at halamang-dagat ay nauubos na rin.

## Pagpapahalaga

Ano ang maaaring mangyari sa tao kung patuloy na mawawasak ang kalikasan?

Ano ang maaari mong gawin upang maiwasan ito?



## Pagsasanay

**Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Ano ang maibibigay mong <u>solusyon</u> sa mga sumusunod na suliranin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

1. Ang polusyon dulot ng mga pabrika ay malaking pinsala rin. Ang mga usok nito ay may carbon monoxide, sulfur dioxide na kapag sumama sa water vapor ay magiging sulfuric acid. Kapag umulan, ang sulfuric acid ay magiging acid rain na pumapatay sa kagubatan at ilog.

2. Ang pagkabutas ng Ozone Layer ay nakababahala dahil sa nakapaglalagos na ang matinding sikat ng araw sa ating daigdig. Nakararamdam na tayo ng labis na init. Ito rin ay maaaring magdulot ng kanser sa balat at iba pang sakit at pagkasira ng kabuhayan.

3. Maraming ilog at sapa ang tila wala nang silbi dahil wala nang isda at iba pang laman-tubig ang nabubuhay rito. Patuloy silang nauubos dahil sa dumi at basurang itinatapon sa ating katubigan.

Ganito ba ang solusyong ibinigay mo?

1. Maiiwasan ang polusyon mula sa mga pabrika kung maghihigpit ang ating mga tagapagpatupad sa batas sa mga kautusan tungkol sa mga angkop na pagpapalabas ng mga dumi o waste ng mga pabrika. Kinakailangang may probisyon sila sa mga usok na lumalabas sa mga makinarya.

2. Ang pagkabutas ng Ozone Layer ay dahil sa epekto ng paggamit ng mga hair spray, singaw ng pampalamig na nanggagaling sa airconditioner, refrigerator, freezer at iba pang gamit sa industriya. Bawasan ng paggamit nito


3. Mahigpit na ipagbabawal ang paggamit ng mga dinamita sa pangingisda. Gayundin, iwasan ang pagtatapon ng basura sa katubigan upang maiwasan ang pagkamatay ng mga laman-tubig.

## Pag-aralan Mo


**Basahin ang mga pangungusap na hinango sa ating usapan.**

1. “Noon, ang mga puno ko’y siksikan kaya halos walang madaanan.”
2. “Ngayo’y puro bahay na ang nakatayo at sa kabila nama’y sinusunog ng mga kaingero ang mga puno.
3. “Napipinsala na rin sila dahil sa malaking baha.”
4. “Wala silang puso at hindi sila marunong mangalaga sa atin.
5. “Katulad mo, halos hindi rin ako makagalaw dahil punung-puno ako ng basura, bulok na bagay, dumi ng hayop at iba pang bansa.

Isulat ang mga pangungusap na <u>tambalan</u> sa troso.




Isulat naman ang mga pangungusap na <u>hugnayan</u> sa mga dahon.



Ganito ba ang iyong sagot?

Ang mga pangungusap bilang 2 at 4 ay tambalang pangungusap na nakasulat sa troso.

Ang mga pangungusap 3 at 5 ay hugnayang pangungusap na nakasulat sa dahon.

## Suriin

| Noon, ang mga puno ko'y siksikan | kaya | halos wala kang madadaanan |
|---|---|---|

Ang dalawang lipon ng salitang nakakahon ay pinagdugtong upang magkaroon ng bagong anyo. Ang dalawang lipon ng salita ay tatawagin nating sugnay.

Sa iyong sagutang papel ikahon ang mga lipon ng salita at bilugan ang salitang nagdugtong sa mga ito.

Natapos mo na ba itong gawin? Ngayon, ano ang napapansin mo sa mga sugnay o lipon ng salita? May sugnay na may buong diwa at may sugnay na walang buong diwa.

Isulat mong muli sa iyong sagutang papel ang mga sugnay o lipon ng salitang may buong diwa at ang mga walang buong diwa.

Narito ang halimbawa ng unang pangungusap. Isagawa mo ang iba.

| Sugnay na may buong diwa | Sugnay na walang buong diwa |
|---|---|
| 1. Noon, ang mga puno ko'y siksikan | Kaya halos wala kang madadaanan |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

Ganito ba ang iyong sagot?

| Sugnay na may buong diwa | Sugnay na walang buong diwa |
|---|---|
| 1. ngayo’y puro bahay na ang nakatayo<br>2. Sa kabila nama’y sinusunog ng mga kaingero ang mga puno<br>3. napipinsala na rin sila<br>4. Wala silang puso<br>5. Hindi sila marunong mangalaga sa atin<br>6. Katulad mo, halos hindi rin ako makagalaw<br>7. Punung-puno ako ng basura, bulok na bagay, dumi ng hayop at iba pang basura | 1. sa malaking puno |

Tandaan

Ang sugnay ay lipon ng mga salita na may simuno at panaguri.

Sugnay na makapag-iisa ang sugnay kung ito ay nagpapahayag ng buong diwa. Tinatawag din itong payak na pangungusap.

Sugnay na di-makapag-iisa ang sugnay kung ito ay hindi nagpapahayag ng buong diwa. Hindi ito matatawag na pangungusap.

Pagsanayan Natin

Isulat na muli ang mga pangungusap sa iyong sagutang papel. Salungguhitan ang mga sugnay na bumubuo sa pangungusap.

1. Siguradong matutuwa ang iyong guro dahil nag-aaral kang mabuti ng iyong aralin.
2. Tiyak na magiging malinis ang ating paligid kung magtutulung-tulong tayo.
3. Si Isa ay nag-aaral na mabuti dahil nais niyang magkaroon ng magandang kinabukasan.
4. Nagtagumpay siya sa pag-aaral bagamat mahirap lang ang kanilang buhay.
5. Nagsisikap ang mga magulang upang maitaguyod ang mga anak.

Naisagawa mo bang lahat ang gawain? Magaling. Ngayon ay handa ka na sa pagsubok.



## Subukin ang Sarili

**Basahin ang talataan. Bigyang pansin ang mga bilang sa pangungusap. Isulat ang mga pangungusap ayon sa bilang. Salungguhitan ang mga sugnay sa pangungusap.**

A. **Labanan ang Polusyon**

(1) Malaking isyu ngayon ang pagkasira ng kapaligiran dahil sa lumulubhang polusyon sa lupa, tubig at hangin. (2) Malulutas ang suliraning ito kung makikipagtulungan ang bawat tao. (3) May mga batas na dapat sundin at may mga kautusang ipinatutupad ang ating pamahalaan. (4) Magiging malinis ang paligid kung gagawin ng bawat isa ang kanilang tungkulin. (5) Tayo ang dapat mangalaga na likas na kayamanan at ang pag-unlad ng bayan ay sa atin nakasalalay.

B. Sumulat ng limang paraan kung paano natin mapipigilan ang pagkawasak ng kalikasan.

C. Sumulat ng maikling reaksyon sa panukala ng ilang mambabatas na tuluyang ipinagbabawal ang pagtotroso o pagpuputol ng mga punungkahoy.

Ihambing ang iyong sagot sa aking mga kasagutan.

A.

1. Malaking isyu ngayon ang pagkasira ng kapaligiran dahil sa lumulubhang polusyon sa lupa, tubig at hangin.
2. Malulutas ang suliraning ito kung makikipagtulungan ang bawat tao.
3. Magiging malinis ang paligid kung gagawin ng bawat isa ang kanilang tungkulin.
4. Tayo ay dapat mangalaga sa likas na kayamanan at ang pag-unlad ng bayan ay sa atin nakasalalay.

B. Narito ang ilang halimbawang kasagutan.
Maaari kang magkaroon ng iba pang kasagutan.

1. Maiiwasan ang pagdumi ng hangin kung hindi tayo magsusunog ng mga goma at plastik.
2. Ang mga isda at iba pang laman-tubig ay may matitirhang malinis na tubig kung hindi tayo magtatapon ng basura sa katubigan.
3. Masayang mamumuhay ang mga hayop at ibon sa kagubatan kung maiiwasan ang pagputol ng mga puno na kanilang tahanan.

C. Narito ang aking reaksyon. Maaaring may iba kang reaksyon na isinulat.

Upang muling mabuhay ang ating kagubatan kung tuluyang pagbawal ng pagputol ng mga punungkahoy. Kailangan ang mahigpit ng pagpapatupad ng mga batas sa pagtotroso upang maiwasan ang mga sakunang dulot ng nakakalbong kagubatan.